DISTRITO NG PAARALAN NG SEATTLE
SARBEY UPANG MATUKOY ANG MGA MAG-AARAL NA BALDADO
(PORMULARYO 504-2)

Ang Distrito ng Paaralan ng Seattle ("Distrito"),bilang tumatanggap ng mga pondong Pederal, ay inuutusan ng Departmento ng Edukasyon ng Estado Unidos na sumunod sa Batas ng Rehabilistasyon ng 1973 ("Batas"), karaniwang tinutukoy na "Seksiyon 504." Ang mga kautusan ng batas na ito ay nagtatakda na ang sinumang mag-aaral na natukoy na may kapansanan na nangangailangan ng tulong na makinabang mula sa kanilang karanasan sa paaralan ay kailangang makatanggap ng mga serbiyo, mga pagbabago at/ o akomodasyon upang makatamasa ng paggamit ng programa at mga serbisyo ng walang pagtatangi at tumanggap ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon("FAPE").

Ang sarbey na ito ay kailangang gawin kung inaakala ninyo na ang inyong anak ay may kapansanan o kung mayroon kayong dokumentasyon na ang inyong anak ay baldado (***at sa kasalukuyan ay hindi marapat para sa mga serbisyo sa Espesyal na Edukasyon***) at kailangan ang tulong upang makinabang mula sa kaniyang edukasyonal na karanansan. Ang "pagkabaldado" para sa mga layunin ng Seksiyon 504 ay pagkakaroon ng mental o pisikal na pinsala na sa kabuuan ay naglilimita sa isa o higit pa na pangunahing aktibidad ng buhay. Pakisagot ang sarbey na hiwalay para sa bawa't batang hinihinala na may kawalang lakas at ibalik sa paaralan ng mag-aaral. **Kung hindi kayo naniniwala na baldado ang inyong anak, hindi ninyo kailangang ibalik ang sarbey na ito.**

Pangalan ng Mag-aaral: _____ Araw ng Kapanganakan: _____

Paaralan: _____ # ng ID ng Mag-aaral: _____

1. Anong mental o pisikal na (mga) pinsala na naniniwala kayo na mayroon ang inyong anak? Pakilarawan ang kondisyon o ilista ang impormasyon na nagpapatunay ng kondisyon.

2. Pakilarawan kung paano ninyo inaakala na ang mental o pisikal na pinsala ay nakakaapekto sa inyong anak?

3. Anong mga bagay ang inyong naiisip na kailangan upang makatulong sa inyong anak upang makinabang mula sa kanyang edukasyonal na karanasan dahilan sa mental o pisikal na pinsala?

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: _____Petsa: _____

Ang Distrito ay nagbibigay na pantay na pagkakataon sa pag-aaral na walang patungkol sa lahi, pananampalataya, kulay, bayang pinagmulan, kasarian, kapansanan/ pagkabaldado, katayuan ng matrimonyo o oryentasyong sekswal. Ang Distrito ay sumusunod din sa lahat ng naaangkop na batas ng estado at Pederal na kinabibilangan, nguni't hindi limitado sa, Titulo VI of the Civil Rights Act of 1964, Title IX of the Educational Amendments of 1972, Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973, RCW 49.60 (ang batas laban sa diskriminasyon), RCW 28A.640 (pantay na kasarian), at Batas sa Amerikanong Baldado ("ADA"), lahat nito ay ipinagbabawal ang diskriminasyon sa lahat ng mga programa sa Distrito, mga kurso, mga gawain (kasama ang extra-kurikular na mga gawain), mga serbisyo, at pagpasok sa mga pasilidad, atbp. Ang Tagapag-ugnay ng

Programa ng Seksiyon 504 na may pangkalahatang pananagutan upang magmonitor, mag-awdit at masiguro ang pagsunod sa lahat ng patakaran ay si Sherry Studley, MS 31-680, P.O. Box 34165, Seattle, Washington 98124-1165; (206) 252-0118.